ISA KA BANG SOLO PARENT?

PARAAN PARA MAKAKUHA NG SOLO PARENT ID



KWALIPIKASYON

- Biyuda/biyudo
- Hiwalay sa asawa
- Napawalang-bisa o annulled ang kasal
- Inabandona ng asawa o kinakasama
- Sinumang indibidwal na tumatayo bilang magulang ng bata/ng mga bata
- Sinumang miyembro ng pamilya na tumatayo bilang head of the family bunga ng pag-abandona, pagkawala o matagal na pagkawalay ng magulang o ng solo parent
- Biktima ng panggagahasa
- Asawa ng nakakulong at/o hinatulang mabilanggo
- Hindi sapat ang mental na kapasidad

MGA BENEPISYO

- Pitong araw na dagdag na bakasyon mula sa trabaho
- Komprehensibong tulong pangkabuhayan (para sa solo parent na ang antas ng kabuhayan ay nabibilang sa itinakda ng NEDA na below poverty threshold)
- Tulong sikolohikal
- Tulong sa pamilyang nangangailangan ng proteksyon
- Tulong mula sa ibang ahensya ng gobyerno gaya ng DepEd, CHED at TESDA sa pagpapaaral sa mga anak nila. Ang mga ahensyang ito rin ang naatasang magbalangkas ng alituntunin para sa maayos na implementasyon ng programa

MGA KINAKAILANGANG DOKUMENTO

Mahalagang magpalista para magkaroon ng solo parent ID na isyu ng DSWD para maging kwalipikado sa mga benepisyong hatid ng Solo Parents Welfare Act of 2000

- Barangay Certification- mahalagang may di kukulangin sa anim na buwang naninirahan sa nasabing barangay
- May angkop na dokumento gaya ng:

  - Deklarasyon ng pagkawalang bisa ng kasal (Declaration of Nullity of Marriage)

  - Katibayan o medical certificate na hindi sapat ang mental na kapasidad

  - Certificate of No Marriage (CENOMAR)
- Birth Certificate ng anak
- Income Tax Return (ITR) o anumang angkop na dokumento na nagpapatunay sa antas ng kita ng solo parent o certification mula sa ingat-yaman o Treasurer ng Barangay o Munisipyo
- Kasulatan o certificate mula sa Kapitan ng Barangay na nagsasaad ng kalagayan ng pagiging isang solo parent

Tumungo lamang sa Local Social Welfare and Development Office ng inyong munisipyo para mag-apply ng solo parent ID